

# 1

“Encore! Encore!” malakas na sigaw ng mga manonood.

“Gusto n’yo pa ng isa?” ganting tanong ng isa sa apat na babae na nasa stage. Ang buhok nito na maikli at gulu-gulo ay halos tumigas na dahil sa gel na nilagay nito sa buhok. Itinapat pa ng babae ang hawak na microphone sa audience. Malakas na ‘oo’ ang naging sagot ng mga ito. “Kung gusto n’yo pa uling marinig ang mga kanta namin, balik na lang uli kayo dito next Thursday. Good night, everyone!”

Malakas na ungol ang naging reaksyon ng mga ito. Napangiti na lang si Bullet dahil sa sinabi ng kanilang band leader na si Gui. Isa siya sa apat na babae na tumugtog sa stage. Tatlong taon na rin silang tumutugtog sa *Sephiroth*, iyon ang pangalan ng bar na kinaroroonan nila. Sikat na sikat ang nabanggit na hang-out na iyon sa mga estudyante, lalo na sa mga kagaya nila na taga-*UP Diliman*. Malapit kasi ito sa nasabing universidad.

*Gothic Chickz* ang pangalan ng banda nila. Apat na taon na rin ang nakalipas nang mabuo ang kanilang grupo at nagsimula iyon nang magkakilala

silang apat sa orientation for new freshmen. Lahat sila ay pare-parehong kumuha ng kurso sa *UP College of Music*.

Hindi niya mapigilang matawa tuwing naaalala niya ang panahong iyon. Paano ay halos magbangayan silang apat dahil lang sa pag-aagawan sa isang upuan! Pero sino ba ang mag-aakala na ang simpleng bagay na nagsimula sa away ay magiging simula ng isang malalim na pagkakaibigan?

Bumaba na sila ng stage at dumerecho sa VIP lounge na naka-reserve para sa grupo nila. Kauupo pa lang nila nang lumapit sa kanila ang isang balbas-sarado na lalaki. Si Pacifico ‘Peeves’ Suarez, ang may-ari ng *Sephiroth Bar*. Lahat sila ay napangiti nang makita ito.

“Hi, Peeves!” bati ni Ice habang nagbu-beautiful eyes dito. Ito ang drummer nila. Kapansin-pansin dito ang sobrang kulot nitong buhok na lalo pang naging kapansin-pansin dahil kinulayan nito iyon ng pula. At sobrang laki ng crush nito kay Peeves.

“Hi, Ice,” ganting bati nito at ibinaling na ang atensyon sa kanilang lahat. “Grabe talaga ang pagdagsa ng tao dito kapag kayo ang tumutugtog. At dahil d’on, sagot ko na ang drinks n’yo ngayong gabi.”

“Hay naku, Peeves, dapat lang, ’no! Ang dami na kaya naming inaakyat na pera dito sa bar mo,” ani Gui, ang leader/lead vocalist/rhythm guitarist nila.

Napailing na lang ang lalaki. “Sige, maiwan ko na kayo at baka kung ano pa’ng maisipang i-suggest nitong si Gui,” anito at iniwan na sila.

“Grabe! Parang mas guwapo ngayon si Peeves, di ba?” kinikilig na sabi ni Ice.

“Anong guwapo? Sabihin mo mukhang ermitanyo,” tugon ni Jiggs, ang mukhang animé nilang lead guitarist. Mukhang animé dahil sa napaka-weirdo nitong hairstyle. Ang bangs ay mas mahaba kaysa sa buhok nito sa likod. Hindi basta mahaba, hanggang baywang na haba! Samantalang ang buhok nito ay bahagya lang lumampas sa tainga nito. Bukod pa roon ay half-Japanese din ang kaibigan.

“Naman, Hyacinth, hindi pa rin ba nawawala ’yang ilusyon mo kay Peeves?” ani Gui.

Napasimangot si Ice dahil sa pagbanggit ng kaibigan sa buo nitong pangalan. “Hoy, Sampaguita! Wag mo ngang dinadamay ang buo kong pangalan sa panenermon mo,” ganti nito na ginamit na rin ang buong pangalan ng leader nila, sabay baling kay Jiggs. “At ikaw naman, Hinagiku, hindi mukhang

ermitanyo si Peeves, okay?”

Napangiwi ang dalawa, halatang hindi nagustuhan ang pagsasabi ni Ice sa buong pangalan nila. Magsasalita pa sana ang mga ito pero pumagitna na siya. “Tama na ’yan, uminom na lang tayo at magpakalasing,” aniya sa mga ito. Siya ang bassist ng banda nila. “And while we’re at it, maglaro na rin tayo ng truth or dare para hindi boring.”

“And here comes Bullet na wala na yatang ibang gustong gawin kundi magsaya,” turan ni Gui.

“Why? What’s wrong with having fun?”

“Wala. Sino’ng may sabing meron?”

“Hindi ako iinom,” anunsyo ni Jiggs. “Baka nakakalimutan n’yo, start na ng new semester bukas. Ayokong pumasok ng may hangover.”

Oo nga pala. Muntik na niyang makalimutan. Ngayon na nga pala ang last day ng semester break nila. Graduating na silang apat at last semester na nila ngayon. Pero wala siyang pakialam. Gusto pa rin niyang maglasing.

“Huwag ka ngang KJ, Jiggs,” saway niya sa kabanda.

“I’m not being KJ, okay? Sino kaya sa tingin n’yo

ang maghahatid sa atin pabalik sa apartment kung lahat tayo lasing?”

“Eh, di si Peeves,” walang kaabug-abog na saad ni Ice.

“Shut up, Ice!” waring iritable nang saad ni Jiggs.

“Okay, so hindi iinom si Jiggs pero hindi p’wedeng hindi ka sasali sa truth or dare. Kapag tumanggi ka, KJ ka talaga,” nakangising sabi ni Gui rito.

“Fine!”

Napangiti na siya. “So, let’s party!”

Dahil libre ang lahat ng iinumina ngayong gabi, they ordered a lot of drinks. Hindi lang basta drinks, pinili nila iyong pinakamahal na mga inumin, na sa isang baso lang siguradong malalasing na ang sinumang iinom. At sinimulan na rin nila ang paglalaro ng truth or dare.

Turn na ni Gui na magpaikot ng bote at tumigil iyon sa tapat ni Bullet. “Truth or dare?” tanong nito.

“Tinatanong pa ba ’yan? Of course, dare,” sagot niya.

“Then...” Inilibot nito ang mga mata sa paligid at nang tumigil iyon ay saka nito ipinagpatuloy ang

sasabihin, “Kiss that man.”

Sinundan niya ang tingin ng kaibigan at nang makita kung sino ang tinutukoy nito ay bigla siyang napangiti. In fairness kay Gui, may taste din naman ito. Ang problema lang, mukhang out of place ang lalaki habang nakatayo roon. Matangkad ito at nakasuot ng baby blue long-sleeved shirt na tinernuhan ng cream slacks. His hair was swept back properly, matangos din ang ilong nito and... ah, she could just lick those angular jaws! And to put icing on the cake, nakasuot pa ito ng salamin. She was a sucker for men wearing glasses. Hindi niya alam kung bakit pero malakas talaga ang dating sa kanya ng mga lalaking nakasalamin.

“Okay,” aniya na hindi man lang nagdalawang-isip.

“Hoy, Violet! Kapag inaway ka ng lalaking ’yan, ’wag mo kaming idadamay, ha!” ani Jiggs sa kanya.

Tiningnan niya ito nang masama. “Don’t call me ‘Violet’.” Yes, kagaya ng mga kaibigan niya ay allergic din siya sa kanyang buong pangalan. “And don’t worry, hindi siya magagalit sa ’kin. Dahil sisiguraduhin ko na masasarapan siya sa gagawin ko.”

Inubos muna niya ang laman ng basong hawak

at dumerecho na siya palapit sa lalaki.

---

Gustong mapailing ni Red. Pagpasok na pagpasok pa lang niya sa *Sephiroth Bar* ay pulos kabataan na nag-iinom, naninigarilyo at nagdi-dirty dancing ang nakita niya. Ibang klase na talaga ang kabataan ngayon.

Pumunta siya roon para makita ang isa sa mga closest friends niya noong college. The last time he saw him was during their graduation eight years ago. Pagka-graduate niya ay lumipad siya kaagad papuntang Australia. Nagturo siya roon at pagkatapos ng walong buwang pagtuturo sa naturang bansa ay nagpasya na siyang bumalik. Hindi niya gustong iwan pa ulit ang kanyang ina at kapatid dito sa Pilipinas. At sa tingin niya ay sapat na ang naipon niya para sa kanilang tatlo.

Narinig niya na isang bar ang itinayong business ng kaibigan. Kapag nakita niya ang huli ay talagang papagalitan niya ito. Napaka-bad influence kasi sa kabataan ng business na naisipang nitong itayo.

Narinig niya ang papalapit na mga yabag. Una niyang nakita ay isang pares ng itim na high-heeled boots. Itinaas pa niya ang tingin at nakita na ang

*Is It Okay If I Call You Mine? - Sansa Esguerra*

---

taong papalapit sa kanya ay nakasuot ng black slinky dress na hanggang kalahati lang ng hita nito. Hapit na hapit sa babae ang suot nitong damit, kaya hindi maitatago ang perpektong kurba ng katawan nito. Idinako niya ang paningin sa mukha nito at doon ay napakunot ang noo niya.

Ang mga mata nito ay napapalibutan ng makapal na blue eyeliner, pati mga labi nito ay asul ang kulay. At parang hindi pa ito nakontento, maging ang mahaba nitong buhok ay blue rin!

Pero sa kabila ng kaasulan at ka-weird-uhan ng hitsura nito, hindi pa rin niya maitatanggi na ang babae sa kanyang harapan ay tunay na maganda.

“Hey, Mister! Can I please kiss you?” she said in a voice dripping with sweetness.

Bago pa nakapagsalita si Red, tinanggal na nito ang kanyang salamin at lumapat na ang mga labi nito sa kanyang bibig. Nanlaki ang mga mata niya. Binalak niya itong itulak, pero nang magdikit ang kanilang mga katawan at magsimulang gumalaw ang mga labi nito, parang kusang nawalan ng lakas ang kanyang mga braso.

Sa isang iglap, nablangko ang utak niya. And before he even realized it, he was now the one doing



the kissing. Playing and taunting with every part of her mouth.

Pareho silang humihingal nang matapos ang halik na iyon.

“Thanks for the kiss,” she said with a playful smile on her lips. “If ever we get the chance, let’s do it again.”

And just like that, she left him. Napatanga siya. He could not believe what just happened. He let someone he didn’t even know kiss him; not only that, he kissed her back. And the worst part of it was, he enjoyed doing it!

---

Nagising si Bullet nang sumunod na araw dahil sa sunud-sunod na pagtunog ng kanyang alarm clock.

“Hoy, Bullet! Gumising ka na nga, ang ingay ng alarm clock mo.” Tinig iyon ni Jiggs.

Pinilit niyang iminulat ang mga mata at noon niya naramdaman ang matinding sakit ng ulo. Napakapamilyar na sa kanya ng pakiramdam na iyon—may hangover siya.

“Anong oras na ba?”

“Oras na para pumasok, kaya bumangon ka na d’yan.”

Tiningnan niya ang kausap. Nakaupo na ito sa harap ng salamin at nagsisimula nang maglagay ng makeup. Roommate niya ito sa apartment na tinutuluyan nilang apat.

“Paano tayo nakauwi kagabi? Binuhat mo ba kami papasok sa kotse mo at pabalik dito sa apartment?” pabiro niyang tanong. Alam niya kasing kagaya niya ay pareho ring nakatulog sa sobrang kalasingan sina Ice at Gui.

“Ayos ka lang? Sa tingin mo sa payat kong ’to kaya ko kayong buhating lahat? Tinulungan tayo ni Peeves saka n’ung kaibigan niya.”

“Sinong kaibigan?”

“Yung guy na hinalikan mo.”

Napabalikwas siya nang bangon dahil sa sinabi nito. Naalala niya na naglaro nga pala sila ng truth or dare, then ang dare sa kanya ni Gui was to kiss some guy. Mabilis na bumalik sa kanya ang tagpong iyon, the moment when she kissed him. Ang balak niya ay smack lang but when her lips touched his, parang may kung anong force ang nagtulak sa kanya upang palalimin pa ang halik na iyon. And when he

kissed back... damn! Tila nagising lahat ng nerves niya sa katawan! That was the hottest kiss she had ever experienced.

Tuluyan nang nawala ang antok niya. “Nakuha mo ba ang name niya?”

“Red daw sabi ni Peeves.”

“Kinuha mo ba number niya?”

Tiningnan siya nito na para bang may sinabi siyang joke na hindi nakakatawa. “Ba’t ko naman gagawin ’yon?”

“Kasi akala ko na-sense mo na type ko siya and since magkaibigan tayo, baka sakaling kinuha mo ’yung number niya para sa ’kin.”

“Wala akong sixth sense, okay? Ang mabuti pa, tumayo ka na d’yan at maligo ka na. Gigisingin ko lang ’yung dalawa pang lasengga,” anito at lumabas na ng kuwarto nila.

Napailing si Bullet nang iwan siya ng kaibigan.

“Ang hina talagang makaramdam nitong si Jiggs. Pero di bale, at least, alam ko na ang pangalan niya. Red. How cute! And since magkaibigan sila ni Peeves, madali na lang ’yung susunod.”

Pagdating nila sa campus, kagaya ng dati, pinagtitinginan sila ng mga kapwa nila estudyante. Hindi masisisi ni Bullet ang mga ito. Kakaiba kasi talaga ang fashion sense nilang apat. Pero naisip niya, hindi pa ba nasasanay ang mga ito? Apat na taon na rin silang gumagala-gala sa campus at alam niyang madami rin sa mga estudyante roon ang nakakapanood sa gigs nila sa *Sephiroth*.

Maliban kay Jiggs, pare-pareho silang nakasuot ng shades at masakit ang ulo dahil sa hangover.

“Oo nga pala, Bullet, nakalimutan kong sabihin sa 'yo. Sabi ng isa kong friend from Institute of Mathematics, nag-sick leave daw si Mr. Tantoco,” pagbibigay-alam ni Ice.

Nagulat siya sa sinabi nito. “Ha? Paano na 'yan, eh, sa klase pa naman niya ako nag-register.” Ang klase talaga ni Mr. Tantoco ang pinili niya dahil matanda na ito at maluwag sa estudyante. “Sino daw papalit sa kanya?”

“Bago daw, eh. Redencio something ang pangalan.”

“Paano kapag mahigpit 'yon?” nag-aalala niyang tanong.

“Since mabantot naman ang pangalan niya, baka matanda na rin siya kagaya ni Mr. Tantoco. So ’wag ka na lang masyadong mag-alala d’yan,” sabat ni Gui.

“Paano hindi mag-aalala ang kaibigan natin, eh, fourth time na niyang kukunin ’yung Math 11 na ’yan,” katuwiran ni Jiggs.

“Pang-apat na ba? Akala ko panlima na,” nang-aasar na sabi ni Gui.

“Tigilan n’yo nga ako. Ano’ng magagawa ko kung bulok ako sa Math?”

“Basta ipasa mo na ’yan, baka mamaya hindi ka pa namin makasabay sa pag-graduate dahil lang bumagsak ka ulit sa subject na ’yan,” may pagkaseryosong saad ni Jiggs.

“Oo na.”

“Bullet fighting!” ani Ice na ginaya pa ang madalas sabihin ng mga Koreano kapag nang-e-encourage.

Napailing na lang siya. “Sige na, mauna na ’ko sa inyo. Kita na lang tayo mamayang lunch.”

At nagpatiuna na siya sa paglalakad papuntang *Math Building*. Math 11 kasi ang una niyang subject. Taun-taon na lang niyang kinukuha ang subject na iyon at taun-taon na lang din siyang bumabagsak.

*Is It Okay If I Call You Mine? - Sansa Esguerra*

---

Hindi na yata niya kakayanin kapag bumagsak pa ulit siya ngayon. Kaya kahit na sino pa itong Redencio na ito, gagawin niya ang lahat makapasa lang sa naturang subject.

Pagdating niya sa lecture hall ay kaagad siyang pumasok. Lahat ng mata ay napatingin sa kanya. Napasimangot siya, lahat kasi yata ng kaklase niya ay freshmen. What else could she expect? Nag-aalala lang siya na baka ma-culture shock ang mga batang ito sa hitsura niya.

Nakita niyang walang masyadong nakaupo sa unahan, kaya roon na lang niya napiling maupo. Para kita niya talaga ang ituturo ng professor nila at upang maiwasan din niyang makatulog.

Ilang sandali pa ang lumipas at bumukas ulit ang pinto ng lecture hall. Pumasok ang isang lalaki na kahit kailan yata ay hindi niya makakalimutan ang hitsura. Muntikan na siyang mapatayo. Bigla rin ang pagdagundong ng kanyang puso.

*Oh, please, don't tell me he's...* naisip niyang napapakagat-labi.

“Good morning everyone. I’m Redencio Cristobal. You can call me ‘Prof Red’ or ‘Sir Red’. I’m going to be your Math professor for the rest of the semester.”

*Is It Okay If I Call You Mine? - Sansa Esguerra*

---

*Shit! The guy she kissed last night was going to be her Math professor! How great can that be? sarkastikong tanong niya sa sarili. Yeah. Just great. Just so frigging great!*

## 2

Hindi malaman ni Bullet kung ano ang dapat maramdaman sa kinasasadlakang sitwasyon. Dapat ba siyang matuwa dahil nasa kanyang harapan na ang lalaking kasalukuyan niyang crush? O dapat siyang matakot dahil ito ang professor niya sa subject kung saan siya pinakabulok? Mas tama sigurong piliin niya iyong huli.

Considering kung ano ang ginawa niya rito nang nagdaang gabi, kailangan niya talagang matakot. Baka dahil sa ginawa niya ay maging cinco pa ang kanyang grade. Hindi pa man nagsisimula ang semester at wala pa siyang ginagawang effort, bagsak na siya kaagad. No! Hindi iyon puwedeng mangyari! Hindi siya puwedeng bumagsak!

Pinagmasdan niya ang lalaki. Kasalukuyan nitong binabasa ang attendance sheet na ipinasa nito kanina sa buong klase. Kagaya noong huling gabi niya itong nakita, napakalinis nitong tingnan at napakaguwapo pa rin.

*Hay! Bakit ba ang lakas ng dating ng isang 'to? maktol niya sa isip.*



Napaigtad siya nang bigla itong tumingin sa kanya. “Miss Aguilar, can you remove your glasses? Nasa loob ka ng klase and as I can see it, hindi naman masyadong maliwanag dito para kailanganin mo pang magsuot ng shades.”

Napangiwi si Bullet. Gumaganti ito sa kanya, sigurado siya. Alam kasi nitong may hangover siya. Kung sa simula pa lang ay gusto na kaagad siya nitong mapahiya, hindi talaga malayo na ibagsak siya nito. Puwes, hindi siya papayag. Kahit gaano pa kalaki ang pagka-crush niya rito, hindi siya papayag na gawin lang nito ang gusto nito at lalong hindi siya papayag na ibagsak siya nito dahil lang sa ginawa niya rito.

“I can’t take it off, Sir. May sore eyes po kasi ako, baka mahawa kayo. Nasa unahan pa naman ako,” pagsisinungaling niya.

“Really?”

Nginitian niya ito. “Of course, Sir. Do you think I’m lying?”

“Of course not. Why would I think that?”

Hindi siya makapag-concentrate sa kabuuan ng klase. Dapat talaga hindi na lang siya umupo sa unahan. Sa halip na nakatingin siya sa *PowerPoint* presentation, nasa guwapong professor lang ang

buo niyang atensyon. Nakakainis! Idagdag pa na sobrang sakit ng ulo niya. Wala tuloy siyang maisulat sa notebook na dala-dala. Paano pa siya papasa nito?

Pagkatapos ng klase, hinintay niya munang makaalis ang mga kaklase niya bago lumapit kay Red. “Can I talk to you, Sir?”

Tumingin ito sa kanya. “Meron pa akong klase after this, I don’t think I can entertain you right now.”

“But, Sir—”

“If you have questions, you can just go to my office during my consultation hours.” At iniwan na siya nito.

---

Nakasimangot na pumunta si Bullet sa tambayan nilang magkakaibigan. Tanghali na pero hindi pa rin niya makalimutan ang nangyari kaninang umaga.

*Consultation hours, my face! ’Kainis! Ano ba naman ’yung maglaan siya ng isang minuto para pakinggan ’yung sasabihin ko? Buwisit talaga!*

Pagdating sa tambayan nila, nakita niya kaagad sina Ice at Jiggs. Umupo siya sa tabi ng mga ito. “Si Gui?” tanong niya.

“May klase pa ’ata,” sagot ni Ice. “Teka, ba’t nakasimangot ka? Dahil ba ’yan d’un sa prof mo sa Math? Terror ba siya?”

“Worse. You won’t believe this, ’yung prof ko sa Math turned out to be the same guy I kissed last night.”

“What?” magkasabay na bulalas ng dalawa.

“Seryoso ka?” hindi pa rin makapaniwalang ani Jiggs.

“Ba’t naman ako magbibiro?”

“Nakita ka ba niya?” parang excited pang tanong ni Ice.

“Yes. Sa unahan kasi ako umupo. Kung alam ko lang na siya ang magiging prof ko, sana d’on na lang ako naupo sa pinakalikod.”

“Eh, ano’ng reaksyon niya n’ung nakita ka?” usisa nito.

“Siyempre umakto siya na parang hindi niya ako kilala. Hindi naman puwedeng magwala siya d’on dahil lang nakita niya ako. Pero muntik na niya akong ipahiya kanina sa klase. Kaya nga natatakot ako na baka ibagsak niya ako dahil sa ginawa ko sa kanya.”

“Dapat mo siyang kausapin kung gan'on. Baka mamaya papasok-pasok ka sa subject na 'yan 'tapos pagdating ng end ng semester, ibabagsak ka din naman pala niya. Tell him na kung ibabagsak ka niya dapat dahil 'yon sa performance mo at hindi dahil gumaganti lang siya sa 'yo,” payo ni Jiggs.

“Sinubukan ko na kaninang kausapin siya, kaya lang sinopla ako. Puntahan ko na lang daw siya during his consultation hours.” Sumimangot siya.

“Eh, di puntahan mo.”

“Ayoko nga. Gagalingan ko na lang at kapag ibinagsak pa rin niya ako, puwes, humanda siya dahil hindi ko talaga siya titigilan.”

“Paano mo naman gagalingan, eh, bulok ka nga sa Math,” walang kagatol-gatol na sabi ni Jiggs.

Ngali-ngali niya itong sapukin. “Bakit? Hindi ba ako p'wedeng mag-aral? Kaya nga may word na 'review', di ba?”

“Dapat ka talagang mag-aral.”

“Oo nga, Bullet. Para sabay-sabay tayong maka-graduate,” ani Ice.

Napabuntong-hininga siya. “Kasalanan 'to ni Gui, eh.”

“Ano nama;ng kasalanan ko?” sabat ng tinig sa likuran nila.

Lahat sila ay napalingon at nakita si Gui. Lumapit ito sa kanila at naupo. “So, sasabihin mo ba sa ’kin itong kasalanan na sinasabi mo?”

Wala na siyang nagawa kundi ikuwento rito ang mga nangyari. “Dapat kasi hindi na lang ’yon ’yung dare na pinagawa mo sa ’kin,” paninisi pa niya.

Natawa ito. “Hoy, Bullet! I just dared you to kiss him. P’wede mo namang halikan lang siya sa pisngi o kaya sa noo. Kahit nga light peck lang, p’wede na. Pero ano’ng ginawa mo? Binigyan mo siya ng French kiss! Kaya kasalanan mo lang ’yan.”

Napasimangot siya. Hindi niya maitatanggi na tama ito. She didn’t need to elaborate that kiss. But she did. Paano kasi, nagdait lang ang mga labi nila, milyun-milyong sparks na kaagad ang naramdaman niya.

“Was he a good kisser?” biglang tanong nito.

Napangiti na siya. “Yeah. Totally.”

---

Inaayos ni Red ang mga materials na gagamitin niya para sa susunod niyang klase. Nasa loob siya

ng kanyang opisina at kanina pa patingin-tingin sa pinto. Napabuntong-hininga siya. Para siyang sira. Was he really expecting that weird blue-haired girl to come to his office?

Nang tulungan niya ang kaibigang si Peeves na ihatid si Bullet at ang mga kaibigan nito ay nalaman niyang isa pala ito sa mga bandang constant na tumutugtog sa *Sephiroth*. Nalaman din niya na college students pa lang ang mga ito. Hindi niya akalain na ang weirdo na babae na bigla na lang humalik sa kanya was still a student. Masyado na talagang wild ang kabataan ngayon.

Inaasahan na niyang makikita niya si Blue Girl sa campus, pero hindi niya inaasahang makikita niya ito kaagad sa una niyang klase. Math 11 o College Algebra ang unang klaseng kanyang tinuruan para sa araw na iyon. Sa pagkakaalam niya, kinukuha ang subject na iyon during freshman or sophomore year. Kaya nagulat siya nang makita si Bullet sa klase niya. Sa pagkakatanda niya, ayon kay Peeves, graduating na ito.

Dahil sa unahan naupo ang babae, ito rin ang pinakaunang nagsulat sa attendance sheet kaya madali niyang nakita ang pangalan nito—Violet Aguilar. Sabi na nga ba niya at palayaw lang nito ang

'Bullet'. Pasimple niya kasing tinanong kay Peeves ang pangalan nito nang nagdaang gabi.

Naalala niya ang ginawa nitong pagsisinungaling kanina. Alam niya na kaya ito nakasuot na dark shades ay dahil sa hangover. Dose-dosenang alak yata ang ininom nito at ng dalawa pa nitong kaibigan. Naasar siya kay Peeves dahil hinayaan lang nito na magpakalasing ang mga babaeng iyon.

Pansamantala siyang natigil sa pag-iisip dahil sa biglang pagtunog ng cellphone niya. Nakita niya ang pangalan ni Peeves sa screen, kaagad niyang sinagot ang tawag.

“Red, pumunta ka dito mamaya sa bar. Pupunta rin sina King,” anito.

“Sige, pero hindi ako iinom. Maaga pa ang klase ko bukas.”

“Yes, Prof. Kumusta nga pala ang first day?”

“Aayos naman. Siyanga pala, estudyante ko 'yung isa sa mga tumutugtog d'yan sa bar mo.”

“Si Bullet?”

“Galing mong manghula, ah.”

“Hindi. Ang alam ko kasi hanggang ngayon

hindi pa rin niya pinapasa 'yung Math 11 niya. Sa pagkakaalam ko, pang-apat na take na niya 'yan."

Napangiwi siya. *Fourth take?* "Gan'on ba siya kabulok?"

Narinig niya ang pagtawa nito. "Sa Math lang naman."

"Dapat siguro 'wag mo na munang patugtugin 'yung banda nila d'yan sa bar mo. Para naman makapag-concentrate siya sa pag-aaral."

"Kung sa 'kin lang, walang problema. Pero hindi papayag ang apat na 'yon. At saka mas malaki ang kita ko kapag nandito sila. Those four are really my angels."

"Angels? May mga anghel bang mukhang mga weirdo?"

Napatawa muli ito. "Even though they look weird, you have to admit it, magaganda pa rin sila."

Biglang pumasok sa isipan niya si Bullet. "Yeah."  
*Particularly the blue-haired one.*

---

Almost seven na. Nasa tapat pa rin ng *Math Building* si Bullet. Hinihintay niya ang paglabas ni Red.



Naisip niya na kailangan niya talaga itong makausap. Hindi niya nakopya ang schedule ng consultation hours nito, kaya hindi niya ito mapuntahan kanina.

Kaya heto siya ngayon, nag-iisa at naghihintay. Ilang sandali pa ay nakita na niya itong lumabas. Kaagad siyang lumapit dito.

“Hi, Sir,” magalang na bati niya.

Halatang nagulat ito nang makita siya. “What are you still doing here?”

“Kasi, Sir, I really need to talk to you.”

“Hindi ba s’abi ko sa ’yo puntahan mo ako during my consultation hours?”

“Hindi ko po kasi nakopya ’yung schedule ng consultation hours n’yo.”

“Then dapat sinabi mo na lang sa ’kin kanina after our class.”

“Di ba nga po nagmamadali kayo kanina?” inis na niyang saad.

“Fine. Ano ba’ng sasabihin mo?”

“Tungkol po d’on sa ginawa ko last night. Sana po you won’t take it against me,” pagsisimula niya. “I just did it because we were playing truth or dare

at 'yun po 'yung dare sa 'kin ng kaibigan ko.”

Tiningnan niya ito at nagtaka siya dahil biglang dumilim ang ekspresyon ng mukha nito.

“So you kissed me just because your friend dared you to do it?”

Kaagad niyang naulinigan ang galit sa tinig nito na lalo lang niyang ipinagtaka.

“Don't worry, hindi kita ibabagsak nang dahil lang d'on. I grade my students based on their performance and not because of personal reasons.” At tinalikuran na siya nito.

*Bakit nagalit?* Aalis na sana siya nang bigla siya nitong binalikan.

“Pauwi ka na ba?” tanong nito na mukha pa ring galit.

Tumango na lang siya.

“Thahatid na kita.”

*Ano raw?* Aba'y napakagulo rin naman ng lalaking ito. Kani-kanina lang ay bigla na lamang itong nagalit sa kanya pagkatapos ngayon ay gusto na siya nitong ihatid? Nag-aalala ba ito na umuwi siya nang mag-isa? Well, wala na siyang pakialam kung

*Is It Okay If I Call You Mine? - Sansa Esguerra*

---

anuman ang rason nito. Ang mahalaga ay nag-offer ang kanyang professor na ihatid siya at siyempre hindi niya iyon palalampasin.

“Okay,” nasabi na lang niya.

### 3

Pasulyap-sulyap si Bullet kay Red habang nasa biyahe sila. Kung tutuusin, malapit lang ang apartment nilang magkakaibigan sa campus.

“Bakit... bakit ka nagalit kanina?” basag niya sa katahimikan.

Hindi ito sumagot.

“Dahil ba feeling mo, pinagtripan ka lang namin ng mga friends ko?” Hula lang niya iyon pero malakas talaga ang pakiramdam niya na iyon ang dahilan. Nasaktan siguro ang pride nito dahil sa sinabi niya.

“Bakit? Hindi ba?” sarkastikong tanong nito.

*Sabi na nga ba.* “Well, it might have really looked that way. I don’t know if this is any consolation, but when my friend asked me to kiss you, hindi niya sinabi sa ’kin na torrid ang halik na dapat kong ibigay sa ’yo. Sarili ko lang na kagustuhan ’yon.”

Bigla itong napaubo. “Tama bang sabihin mo ’yan sa ’kin?”

“Why? Pinapagaan ko na nga ang loob mo, eh.”

“Puwes, hindi tama ang paraan na ginagamit mo.”

“Ano’ng tamang paraan?”

Napailing ito at nagbuntong-hininga. “Just promise me you won’t kiss another guy just for the heck of it. Kung gagawin mo ’yon, dapat sa taong mahal mo lang.”

Napangiti ang dalaga. Napaka-old school kasi nito. Nowadays, hindi na big deal masyado ang isang halik. Pero lihim pa rin siyang natutuwa. Bihira na lang kasi ang kagaya nito na nagpapahalaga sa mga babae.

“Okay. So the next time I kiss you, ibig sabihin n’on mahal na kita,” may halong birong sabi niya. But jokes are half-meant, right?

Napatawa naman ito. “You’re really impossible.”

Bigla na lang siyang kinilig nang makita ang nakangiti nitong mukha. Lalo pa itong gumuwapo sa paningin niya. His laugh was like music to her ears.

Inihinto nito ang sasakyan. “We’re here.”

“Yeah.” Tiningnan niya ito. “Thanks, Sir Red.” Inipon niya ang lahat ng lakas ng loob at hinalikan ito sa pisngi. “Hindi ’to counted, ha?” She made it sound

na parang nagbibiro pa rin siya para lang maitago ang kaba sa kanyang boses.

Hindi na niya hinintay ang magiging reaksyon nito, dali-dali na siyang bumaba sa kotse at pumasok sa loob ng gate ng apartment nila. Normal na para sa kanya na humalik sa pisngi ng ibang tao, but it took all of her willpower para lang mahalikan si Red. Ngayon pa yata siya tinablan ng hiya.

Narinig niya ang pag-andar ng kotse. Umalis na ito, pero nananatili pa ring malakas ang tibok ng kanyang puso.

“I saw that,” pukaw ni Gui na kanina pa pala nandoon sa labas. “That’s your Math prof, right?”

“Yup.”

“Bakit ka niya hinatid dito? ”Tapos may pa-kiss-kiss ka pang nalalaman. Are you seducing him?” pang-aasar nito.

“Of course not!” tanggi niya. “But...” she smiled and continued, “I really want him to like me.”

---

Thursday. Papunta si Bullet sa *Sephiroth*. Iyon kasi ang araw ng pagtugtog ng banda nila sa nasabing bar. Nauna na siya roon dahil maagang natapos ang

klase niya. Kapag ganitong may pasok, once a week kung tumugtog sila roon. Pero kapag bakasyon, halos araw-araw silang nandoon.

Pagpasok niya ay kaagad niyang nakita si Peeves sa counter. Lumapit siya rito at ibinaba ang dalalang guitar case.

“Hi, Peeves,” bati niya rito.

“Bullet, nandito ka pala. Nasaan na ’yung iba?”

“May klase pa sila, eh, kaya nauna na ako. Pahingi naman ng juice.”

Napailing ito at iniwan siya. Pagbalik nito ay nay dala na itong isang baso ng pineapple juice. “Hindi ’to libre, ha?”

Inismiran lang niya ito at kinuha ang hawak nitong baso ng juice. “Kahit kelan ang kuripot mo talaga.”

“Matagal ko nang alam ’yan. Siyanga pala, balita ko prof mo daw sa Math ’yung kaibigan ko, si Red.”

Hindi niya mapigilang mapangiti nang banggitin nito ang pangalan ng kanyang Math professor. “Oo.”

“So, kumusta naman siyang teacher?”

Nagkibit-balikat siya. “Ewan, first week pa lang

naman ng klase, eh. Pero hindi ako masyadong makapag-concentrate sa klase niya.”

“Bakit naman?”

“Nadi-distract kasi ako sa kaguwapuhan niya.”

Napatawa si Peeves. “Seriously? Don’t tell me you have a crush on him?”

“Ano naman ang masama kung meron?”

“Wala. Basta hanggang crush lang.”

“Why? Ayaw mo ba akong ma-in love sa kanya?” takang tanong niya.

Umiling ito. “It’s not that. Alam ko lang kasi ang tipo ni Red sa mga babae.”

“And what is that?” interasado niyang tanong.

“Demure and sophisticated. Yung tipong Miss Prim and Proper.”

Dahil sa sinabi nito ay bigla niyang naalala ang naging pag-uusap nila ni Red sa kotse. Based on that conversation, tingin nga niya ay ganoong klase ng babae ang tipo ng kanyang guro. Napangiwi siya. Malayung-malayo kasi siya sa babaeng type nito. Sa madaling salita, total opposite siya ng gusto nito.



Hindi niya napigilang mapasimangot. “Simply put, you’re saying na hindi niya ako magugustuhan.”

“Pinapaalalahanan lang kita, Bullet.”

“Eh, kung magpaka-prim and proper kaya ako?”

Napatawa ito sa sinabi niya. “Sira ka talaga. Hindi na ikaw ’yon kung gagawin mo ’yan. Hindi ba mas maganda kung magustuhan ka ng isang lalaki as you are and not as someone you’re pretending to be?”

Alam iyon ni Bullet. Gusto rin niyang magustuhan siya ng isang lalaki bilang siya, pero base sa experience ay alam niyang hindi iyon ganoon kadalang mangyari. Guys loved to flirt with her, pero hanggang doon lang. Hindi siya sineseryoso ng mga ito.

Sino nga ba ang seseryoso sa kanya? Isang babaeng asul ang kulay ng buhok, pati ang mga labi ay asul din at napapalibutan ng makapal na eyeliner ang mata. Aminado siyang weird siya. Parte na iyon ng pagkatao niya at wala siyang balak na baguhin iyon. But somewhere, deep in her heart, may munting tinig na nagsasabi na handa niyang baguhin ang lahat ng iyon para lang magustuhan siya ni Red.

Kaagad niyang pinalis ang isiping iyon.

---

Katatapos lang ng unang set ng kanta ng *Gothic Chickz*. Pero ang audience, hindi pa rin satisfied. Nailing na lang si Bullet. Kapag ganitong may pasok, mas wild ang mga estudyanteng napunta sa bar. Nilalabas yata ng mga ito ang lahat ng stress na naramdaman sa buong linggong pagpasok sa eskuwela.

Madami ring estudyante galing sa ibang university ang napunta sa *Sephiroth* para pakinggan ang pagtugtog nila. Isang dahilan kung bakit mabenta ang music nila sa mga tao lalo na sa kabataan ay dahil sa binibigyan nila ng ibang flavor ang mga lumang kanta. Ang mga classical love songs na sumikat noong araw ay binibigyan nila ng rock tune. At sinisiguro talaga nila na maganda ang kalalabasan. Madami rin silang original songs.

Pagkababa nila sa stage ay nagpaalam siya sa mga kaibigan na magpapahangin muna sa labas. Pero ang totoo ay maninigarilyo lang siya. May asthma kasi si Jiggs, kaya hindi siya naninigarilyo sa harap nito. At isa pa, kanina pa rin siya hindi mapakali.

Pagdating sa labas ay kaagad siyang nagsindi ng sigarilyo. She puffed.

“You’re smoking?” anang isang napakapamilyar na tinig.

Nilingon ni Bullet ang pinanggalingan nito at nakita niya ang guwapong mukha ng kanyang Math professor. “Sir Red.” Napansin niyang nakatingin pa rin ito sa hawak niyang sigarilyo. “Ah, ito. I only smoke when I feel agitated.”

Lumapit ito sa kanya at kinuha ang bagay na hawak niya. “Kahit na. Smoking is still bad for your health.” Pinatay nito ang sindi niyon at itinapon sa malapit sa basurahan.

*Napaka-straight naman talaga ng isang ’to. Pati paninigarilyo, bawal?* “Sayang naman ’yung isang stick.”

“Hindi ka ba nasasayangan sa kalusugan mo?”

Napabuntong-hininga na lang siya. “Oo na po.”

Ilang lalaki ang dumaan sa harapan nila at binati siya.

“Hi, Bullet. Sino ’yang kasama mo, bago mong boyfriend?” tanong ng isa.

“Sayang naman. Akala ko may possibility pang maging tayo,” sabi pa ng isa.

Napatingin siya kay Red. Nagulat siya nang makitang nakatiim-bagang ito. *Nagalit ba siya dahil napagkamalan ng mga mokong na ’to na mag-boyfriend*

kami? Ibinaling niya ang tingin sa mga lalaki. “Hindi ko siya boyfriend. Kaya may pag-asa ka pa.”

“Wow! Iba ka talaga, Bullet. Then, can I get your number?”

Bago pa siya makasagot ay naramdaman na lang niya na hinihila na siya ni Red papasok sa loob ng bar.

“Wait, Sir—”

“You’re really good at it, huh?” komento nito na tumigil na sa paghila sa kanya at binitawan ang kanyang braso.

“Good at what?”

“What else? Flirting?” Punung-puno ng sarkasmo ang tinig nito nang sabihin iyon.

Naguluhan siya. Obviously, galit na naman ito. Pero itinama na nga niya ang akala ng mga lalaking iyon na magkasintahan sila, kaya ano pa ang ikinagagalit nito? Nainis na rin siya.

“Maybe I’m good at it kasi ’yon lang din ang alam gawin ng mga lalaki sa ’kin. To flirt. None of them takes me seriously, kaya fair lang na hindi ko rin sila seryosohin. Ngayon kung may problema ka d’on, ewan ko na lang sa ’yo,” aniya. “Sir,” mabilis niyang dagdag.

Iwan na sana niya ito nang bigla siya nitong pinigilan. “I’m sorry kung masyado akong naging pakialamero.”

Kung ganito naman kaguwapo ang hihingi ng tawad sa kanya, may choice pa ba siyang mag-inarte? “Sorry rin kung napagtaasan kita ng boses. Sir.”

“But you know, hindi naman lahat ng lalaki ay pare-pareho. Sigurado ako na meron pa ring isa d’yan who’s willing to take you seriously. ’Yon bang tipong tatanggapin niya ang lahat sa ’yo.”

*And how I wish that it’s you.*

“Kaya sana, you won’t play with other guys too much. Baka ikaw lang rin ang mapahamak.”

Alam niyang nag-aalala lang ito sa kanya bilang isang nakatatanda. Pero hindi pa rin niya mapigilang makaramdam ng kaunting kilig. “Then, are you willing to take me seriously?”

Napangiti na ito. “Nagbibiro ka na naman.”

*Sana nga nagbibiro lang ako.* Nginitian na lang niya ito. “Stay here. I’ll do something para pasalamat ka for the beautiful advice that you gave.”

---

Naiwang nakatulala si Red. Wala siyang ideya kung ano ang balak gawin ni Bullet. Kanina, nang makita niyang nakipag-usap dito ang mga lalaking iyon, bigla siyang nakaramdam ng kakaibang inis. Siguro dahil isa ito sa mga estudyante niya, kaya nakadama siya ng protectiveness para rito. Pero alam niyang hindi lang iyon ang dahilan.

Nang sinabi ng dalaga na walang lalaki na magnanais na seryosohin ito, kaagad niyang naisip na pulos walang kuwenta siguro ang mga lalaking nakikilala nito. Because he knew beneath those clothes and the awfully blue makeup was a woman of substance. Isang babaeng hindi basta-basta. Isang babaeng dapat igalang.

Bahagya siyang nagulat nang makita si Bullet na umakyat sa stage. “Hi, guys. Ako muna ang kakanta para sa unang song namin for this set,” anunsyo nito. “And I dedicate this sa isang lalaki na nagsabi sa ’kin na dapat ko lang daw halikan ang lalaking mahal ko. And that somewhere out there, there’s someone who’s willing to love me just as I am.” Tumingin ito sa direksyon niya at nagtama ang kanilang mga mata. “This song is for you.”

Sinimulan na nito ang pagtipa sa gitara, pagkuwan ay nag-umpisa itong kumanta.

*Is It Okay If I Call You Mine? - Sansa Esguerra*

---

*“Is it okay if I call you mine? Just for a time. And I will be just fine. If I know that you know that I’m... wanting, needing your love. Oh...”*

Pakiramdam ni Red ay parang napunta siya sa ibang dimensyon. Her voice was so angelic. Napakasarap pakinggan. Ngayon sumasang-ayon na siya kay Peeves na isa nga itong anghel.

Ngumiti ito sa kanya at ipinagpatuloy ang pagkanta.

*“If I ask you is it all right, if I ask you to hold me tight through a cold dark night? ’Cause there maybe a cloudy day in sight. And I need to let you know that I might be needing your love. Oh...”*

He stared at her and she stared back. Nang mga oras na iyon, pakiramdam niya ay sila lang dalawa ang tao sa loob ng bar. Bigla na lang niyang naisip, napakasuwerte talaga ng lalaki na mapapaibig ito. And somehow, hindi niya yata kayang isipin na may ibang lalaki itong maaaring magustuhan.